


ACTIVITY

- A. Gumuhit at kulayan. Kung ikaw ay nagkaroon ng pagkakataon na makita ang sanggol na si Jesus kasama ang mga pantas, anong mahalagang regalo ang ibibigay mo sa Kanya?



Ang mga regalo na dala ng mga pantas (wisemen) sa sanggol na si Jesus ay napaka-espesyal. Alam ng mga pantas na si Jesus ay hindi isang ordinaryong sanggol. Binigay nila ang mga regalong ito dahil si Jesus ang ating tagapagligtas, Hari ng mga Hari at ang tanging magdadala sa atin palapit sa Diyos. Tignan natin ang espesyal na kahulugan ng bawat isa.



Ginto (Gold): Ang ginto ay isang napakahalagang metal, at ibinibigay ito sa mga hari. Binigyan nila si Jesus ng ginto dahil naniniwala sila na Siya ay Hari, hindi lang ng isang bansa kundi ng lahat ng tao at ng buong sansinukob.



Insenso (Frankincense): Ito ay isang mabangong sangkap na ginagamit sa pagsamba, tulad ng sa simbahan para parangalan ang Diyos. Sa pagbibigay ng insenso, ipinapakita ng mga pantas na si Jesus ay hindi lang hari, kundi dapat din sambahin dahil Siya ay Anak ng Diyos na nagkatawang tao.



Mira (Myrrh): Ang mira ay ginagamit sa mga mahahalagang bagay tulad ng paggawa ng mga espesyal na langis at paghahanda sa mga namatay. Ang regalong ito ay medyo kakaiba dahil nagpapaalala ito na balang araw si Jesus ay mamamatay para sa kasalanan natin, ngunit muling mabubuhay. Ito ay paraan ng pagsasabi na si Jesus ay dumating upang iligtas tayo sa kamatayan.

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Saang lungsod ipinanganak si Jesus?

2. Bakit pumunta sina Jose at Maria sa Betlehem?

3. Ano ang simbolo ng bituin na sinundan ng mga pantas?

4. Ano ang espesyal kay Jesus?

5. Kung ikaw ang isa sa mga pastol at nakita mo ang mga anghel at si Jesus sa sabsaban, ano ang gagawin mo pagkatapos?

Ang mga pantas ay naglakbay ng malayo upang hanapin si Jesus, nagdala sa Kanya ng mga regalo na nagpapakita ng kanilang paggalang at pagsamba. Pinahahalagahan nila ang paghahanap at pagsamba kay Jesus nang higit sa anupaman. Ang mga batang tulad natin ay dapat hanapin si Jesus at parangalan Siya sa ating buhay kung ano man ang mayroon tayo. Dapat din nating laging hanapin ang Diyos sa ating buhay at maging handa na ialay sa Kanya ang ating buhay sa pamamagitan ng ating mga oras, talento, o kayamanan.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Mateo ay nakatira sa isang maliit na baryo malapit sa bundok. Ang kanyang pamilya ay hindi mayaman—ang kanyang ama ay karpintero, at ang kanyang ina ay nagtitinda ng mga gulay sa palengke. Ngunit hindi kailanman naramdaman ni Mateo na sila ay mahirap. Tinuruan siya ng kanyang mga magulang mula pagkabata na ang pinakamahalagang kayamanan ay hindi pera o materyal na bagay kundi isang pusong nagmamahal sa Diyos.

Sa edad na 12, iba si Mateo kumpara sa karamihan ng mga bata sa kanyang edad. Habang ang iba ay madalas na abala sa paglalaro o naghahanap ng pinakabagong gadgets, palaging may oras si Mateo upang magdasal at magbasa ng Bibliya na bigay ng kanyang lolo. Ang kuwento ng mga pantas na nagbigay ng mga regalo sa sanggol na Jesus ay nagsilbing inspirasyon sa kanya. Nagdala sila ng ginto, insenso, at mira—mga regalong mahalaga at puno ng kahulugan.

Isang araw, habang nakaupo si Mateo sa paborito niyang puwesto sa ilalim ng lumang puno, inisip niya ang mga regalo na maibibigay niya kay Jesus. “Wala akong ginto o mamahaling regalo,” naisip niya. “Pero gusto kong parangalan si Jesus gamit ang kung ano man ang mayroon ako dahil naparito Siya upang ako ay iligtas sa kamatayan.”

Nang hapong iyon, pagkatapos ng klase, napansin niyang nahihirapan ang kanyang nakababatang kapatid na si Clara na matutong magbasa. Sa halip na sumama sa kanyang mga kaibigan para maglaro, umupo si Mateo kasama si Clara at matiyagang tinulungan siyang unawain ang mga salita. Nang sa wakas ay nabasa na ni Clara ang isang pangungusap nang mag-isa, nagliwanag ang kanyang mukha sa tuwa. Ngumiti si Mateo, pakiramdam niya ay nakapagbigay siya ng isang mahalagang bagay—ang kanyang oras.

Pagkaraan, sa simbahan, narinig ni Mateo ang tungkol sa isang misyon para tulungan ang mga bata sa isang kalapit na baryo na walang sapat na gamit sa paaralan. Kahit na wala siyang maraming pera, nag-ipon siya mula sa maliit na baon na ibinibigay ng kanyang mga magulang. Makalipas ang ilang linggo, dinala ni Mateo ang isang maliit na sobre na may ilang barya sa simbahan. Hindi ito kasing dami ng ibinigay ng iba, pero ito ang pinakamabuti niyang maibibigay. Tahimik siyang nanalangin, "Jesus, inaalay ko ito sa Iyo. Gamitin Mo ito para matulungan ang mga batang iyon."

Habang lumilipas ang panahon, napansin ng mga tao ang ugali ni Mateo. Pinuri siya ng kanyang mga guro dahil palagi siyang buong puso sa kanyang pag-aaral at laging tumutulong nang hindi hinihiling. Nakita ng kanyang mga kaibigan na kakaiba siya—hindi dahil siya ay perpekto, kundi dahil siya ay palaging mabait, tapat, at nakatuon sa paggawa ng tama at mabuti.

Isang araw, nagbigay ng sermon ang kanilang pastor tungkol sa kung paano pinagpapala ng Diyos ang mga humahanap sa Kanya. "Kapag pinararangalan natin si Jesus gamit ang mayroon tayo," sabi ng pastor, "tapat ang Diyos na pagpalain tayo, hindi palaging sa pera o mga bagay, kundi sa kapayapaan, kagalakan, at mga pagkakataon upang lumago."

Ngumiti si Mateo, alam na alam niya kung ano ang ibig sabihin nito. Nararanasan niya ang biyayang iyon sa kanyang sariling buhay. Bagama't hindi siya mayaman sa pera, siya ay mayaman sa mas mahalaga—ang presensya ni Jesus sa kanyang puso.

Naging halimbawa si Mateo sa iba sa kanilang baryo. Ipinakita niya na hindi mahalaga kung gaano karami ang mayroon ka, kundi kung gaano kalaki ang handa mong ialay kay Jesus. Maging ito man ay oras, tulong, o isang simpleng awit, ibinibigay ni Mateo ang pinakamainam na kaya niya. At bilang kapalit, pinupuno ni Jesus ang kanyang buhay ng higit pang mga pagpapala kaysa sa maaari niyang bilangin.

Mga tanong:

- Bakit naramdaman ni Mateo na hindi siya mahirap, kahit na walang gaanong pera ang kanyang pamilya?

- Ano ang ilan sa mga paraan na pinili ni Mateo para parangalan si Jesus sa kung ano ang mayroon siya?

- Kung ikaw ang nasa katayuan ni Mateo, ano ang maiaalok mo para parangalan si Jesus?

- Ano sa palagay mo ang pinakamahalagang aral na matututuhan natin sa halimbawa ni Mateo?

Wala mang maraming materyal na bagay si Mateo, ibinibigay niya ang kaya niya—ang kanyang oras, tulong, at talento. Naranasan ni Mateo ang kapayapaan, kagalakan, at pagkakaloob ng Diyos. Kahit sa mahihirap na pagkakataon, nagtitiwala siya sa kabutihan ng Diyos at pinagpala siya sa mga paraang hindi niya inaasahan. Ang mga batang tulad natin ay dapat na tularan ang uri ng paghanap, pagtitiwala at pagsunod kay Jesus. Ipakita natin ang ating pag-ibig at pagpapahalaga sa Diyos sa lahat ng aspeto ng ating buhay; ang ating oras, kakayahan at pagtulong sa iba.



D. Memory Verse

Anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo nang buong puso na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa mga tao. **Colosas 3:23**